# APLIKASYON PARA SA MGA SERBISYO SA BOKASYONAL NA REHABILITASYON (VOCATIONAL REHABILITATION, VR)



Naniniwala ang Departamento ng Rehabilitasyon (DOR) ng California sa talento at potensyal ng lahat ng may kapansanang naghahanap ng trabaho. Nakikipagtulungan kami sa mga konsumidor at iba pang stakeholder upang maglaan ng mga serbisyo at adbokasiya na nagdudulot ng trabaho, kakayahang mabuhay nang mag-isa, at pagkakapantay-pantay para sa mga indibidwal na may kapansanan.

**Paano Makakatulong ang DOR?**

Mayroong makukuhang Mga Serbisyo sa Bokasyonal na Rehabilitasyon ang mga may kapansanang naghahanap ng trabaho anuman ang edad. Layunin naming tulungan ang mga karapat-dapat na indibidwal na may kapansanan na makakuha at makapanatili ng trabaho. Tutulong ang isang tagapayo sa bokasyonal na rehabilitasyon na alamin ang iyong layunin sa trabaho, matukoy ang mga serbisyong kailangan para sa paghanda sa trabaho, at magdala ng isang team sa bokasyonal na rehabilitasyon na tutulong sa paghanap ng trabaho at pagtanggap ng mga serbisyong kailangan mo sa iyong trabaho.

**Kwalipikado Ka ba para sa Mga Serbisyo sa Bokasyonal na Rehabilitasyon?**

- Mayroon ka bang kapansanan?
- Gusto mo bang magtrabaho?
- Nahihirapan ka bang makakuha, makapanatili, o umasenso sa isang trabaho dahil sa iyong kapansanan?
- Kailangan mo ba ng tulong para maintinidhan ang iyong layunin sa trabaho, malaman kung saan may mga trabaho, maghanda para sa trabaho, at/o makakuha ng trabaho na nakatutugon sa iyong mga pangangailangan?

Kung sumagot ka ng "oo" sa lahat ng mga tanong sa itaas, maaari kang maging kwalipikado para sa mga serbisyo sa bokasyonal na rehabilitasyon. Nakahanda ang aming mga tagapayo sa bokasyonal na rehabilitasyon na tulungan kang makahanap ng layunin sa trabaho na tumutugma sa iyong mga natatanging kalakasan, mapagkukunan, priyoridad, alalahanin, kakayahan, kahusayan, at interes.

**Iba pang Mga Serbisyo ng DOR na Maaari Mong Makuha:**

Mga Serbisyo ng DOR para sa Mga Estudyante: Inilalaan sa mga estudyanteng may kapansanan. Tinutulungan ng Mga Serbisyo ng DOR para sa Mga Estudyante ang mga may kapansanang mag-aaral na makilala ang kanilang mga sarili, maunawaan ang mga kinakailangan sa trabaho, magpraktis ng mga kasanayan sa trabaho, pumili ng karera, at alamin ang mga opsyon sa pagsasanay.

Mga Serbisyo para sa Independiyenteng Pamumuhay: Inilalaan sa mga may kapansanang indibidwal anuman ang edad. Kung ikaw ay may kapansanan at nais mong mamuhay nang mas independiyente, maaari kang makinabang sa Mga Serbisyo para sa Independentiyeng Pamumuhay.

**Mga Susunod na Hakbang upang Mag-apply para sa Mga Serbisyo sa Bokasyonal na Rehabilitasyon at Makatanggap ng Higit pang Impormasyon:**

1. Ibigay ang form na ito sa iyong lokal na tanggapan ng DOR sa pamamagitan ng email, koreo, o nang personal. Hanapin ang tanggapan ng DOR na pinakamalapit sa iyo sa DOR Internet (https://dor.ca.gov/Home/ContactUs).

2. Makikipag-ugnayan sa iyo ang isang miyembro ng pangkat ng DOR batay sa iyong piniling paraan ng pakikipag-ugnayan upang mag-iskedyul ng appointment para suriin ang mga serbisyo ng DOR at talakayin ang iyong interes sa mga serbisyo.
3. Kung pipiliin mo, punan ang DR 222A Karagdagang Personal na Impormasyon (Supplemental Personal Information) na form at ibigay sa iyong lokal na tanggapan ng DOR kasama ng form na ito. Opsyonal ang DR 222A form, gayunpaman, ang impormasyong hiniling sa form ay kinakailangan sa buong proseso ng pagtanggap ng mga serbisyo ng DOR. Maaari mong piliing ibahagi ang karagdagang personal na impormasyon kapag pumunta ka sa iyong tagapayo sa bokasyonal na rehabilitasyon.
4. Huwag mag-atubiling tingnan ang web page ng DOR upang malaman ang higit pa tungkol sa aming misyon, mga programa, at mga serbisyo (http://www.dor.ca.gov). Salamat!

May karapatan kang humingi ng pamamagitan o pormal na pagdinig kung may mga isyung lumabas na nakaaapekto sa iyong mga serbisyo. Para sa higit pang impormasyon kaugnay ng iyong mga karapatan at remedyo, pakitingnan ang https://www.dor.ca.gov/Home/RightsandRemedies.

**Paghiling ng Mga Serbisyo sa Bokasyonal na Rehabilitasyon**
Para humiling ng mga serbisyo sa bokasyonal na rehabilitasyon, mangyaring ibigay ang sumusunod na impormasyon:

* Kinakailangang Field

| Apelyido* | Pangalan * | Gitnang Inisyal |
|---|---|---|

| (Mga) Iba pang Pangalang Ginagamit | Mas Pinipiling Pangalan | Petsa ng Kapanganakan | Pangunahing Wika |
|---|---|---|---|

Para pag-usapan ang mga susunod na hakbang, mangyaring ibigay ang iyong address, numero ng telepono, o email upang makontak ka namin.

| Street/Mailing Address | Lungsod | Zip Code |
|---|---|---|

| Numero ng Telepono | ☐ Cell Phone<br>☐ Bahay<br>☐ Iba pa |
|---|---|

| Email Address |
|---|

| Pakilarawan ang iyong kapansanan. * |
|---|

# APLIKASYON PARA SA MGA SERBISYO SA BOKASYONAL NA REHABILITASYON (VOCATIONAL REHABILITATION, VR)



| Pakilarawan kung paano nagiging sagabal sa trabaho ang iyong kapansanan. * |
|---|
| |

| **Para Lamang sa Tanggapan ng DOR**<br>**For DOR Office ONly** | |
|---|---|
| Petsa ng Pagtanggap ng Aplikasyon sa Tanggapan ng DOR:<br>Date Application Received in DOR Office:<br><br>Tumanggap sa Aplikasyon:<br>(Pangalan ng Kawani ng DOR)<br>Application Received By: Name of DOR Staff) | Ipadala kay: (Pangalan ng Kawani ng DOR)<br>Route to: (Name of DOR Staff) |

**Pahayag sa Pagkapribado:**
Iniaatas ng batas na ibigay ang abisong ito sa mga indibidwal kapag nangangalap ng personal na impormasyon. Ang form na ito, kapag nakumpleto ay ang iyong Aplikasyon para sa Mga Serbisyo sa Bokasyonal na Rehabilitasyon (Vocational Rehabilitation, VR). Pangunahing layunin ng Aplikasyon ang mangalap ng mga kinakailangang impormasyon para sa Departamento ng Rehabilitasyon upang matiyak ang iyong pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo sa bokasyonal na rehabilitasyon. Mahalaga ang lahat ng impormasyon sa form upang magawa ng Departamento ng Rehabilitasyon na matiyak ang iyong pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo sa bokasyonal na rehabilitasyon, gumawa ng isang hiwalay at natatanging rekord ng mga serbisyo sa bokasyonal na rehabilitasyon, at makipag-ugnayan sa iyo upang talakayin ang iyong pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo sa bokasyonal na rehabilitasyon. Kung wala ang impormasyong ito, maaaring hindi matiyak ng Departamento ng Rehabilitasyon ang iyong pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo sa bokasyonal na rehabilitasyon, mapagkamalang rekord ng ibang indibidwal ang iyong rekord, o maaaring hindi ka namin makontak upang talakayin ang iyong pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo sa bokasyonal na rehabilitasyon.

Isasama ang Aplikasyon sa iyong rekord ng mga serbisyo sa Departamento ng Rehabilitasyon (DOR), at may karapatan kang suriin ang anumang impormasyong pinapanatili ng DOR tungkol sa iyo, maliban kung hindi pinapayagan ng batas o regulasyon na maibigay ang impormasyong iyon. Kung mayroon kang mga tanong o para humiling ng impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan ng DOR o maaari kang makipag-ugnayan sa Consumer Affairs at Quality Assurance Unit ng DOR sa (916) 558-5394, dorcustomerserviceunit2@dor.ca.gov o 721 Capitol Mall, Sacramento, California 95814.

Sinusunod ng DOR ang naaangkop na mga pampederal at pang-estadong batas at regulasyon kaugnay ng pagkapribado. Sa mga sumusunod na sitwasyon, pinapayagan ng batas ang DOR na magbahagi ng ilang personal na impormasyon nang walang nakasulat na awtorisasyon ng consumer: (1) para masuri ng pederal na pamahalaan ang pagpapatupad ng programa ng DOR; (2) bilang pagtugon sa utos ng korte, mga pagsisiyasat na may kaugnayan sa pagpapatupad ng batas, pandaraya, pang-aabuso, o upang protektahan ang konsumidor o iba pa; at (3) para sa mga layunin ng pag-audit, pagsusuri, o pananaliksik na direktang nauugnay sa pangangasiwa ng programa sa bokasyonal na rehabilitasyon o upang lubos na mapabuti ang kalidad ng buhay para sa mga aplikante at konsumidor ng bokasyonal na rehabilitasyon alinsunod sa nakasulat na kasunduan. Magagawa ng nakasulat na kasunduan na limitahan ang paggamit ng impormasyon at mapangalagaan ang pagiging kumpidensyal. Kung maipapakita ng huling ulat ang anumang personal na impormasyon sa pagkakakilanlan, kakailanganin ang nakasulat na may kabatirang pahintulot. Para sa karagdagang impormasyon, pakitingnan ang Patakaran ng DOR tungkol sa Pagkapribado sawww.dor.ca.gov/Home/PrivacyPolicy.

Nasa ibaba ang listahan ng mga batas at regulasyong tinalakay sa itaas sa Pahayag at Abisong ito tungkol sa Pagkapribado: seksyon 3141 ng pamagat 29 ng Kodigo ng Estados Unidos; seksyong 361.38, 361.45, at 361.46 ng pamagat 34 ng Kodigo ng mga Regulasyong Pampederal; seksyon 1798 hanggang 1798.78 ng Kodigo Sibil ng California; at seksyong 7140 hanggang 7143.5 ng pamagat 9 ng Kodigo ng mga Regulasyon ng California.